# 1

Sa isang bahay, some kilometers off the coast of Granada, Spain…

"Basta, Samantha. Dumito ka lang, okay? Alam mo naman kung paano ako kumatok, right? Kapag iba, huwag na huwag mong bubuksan," seryoso ang expression na bilin ni Eula sa kaibigan.

"Pero saan ka nga pupunta?" pangungulit ng kanyang kaibigan. Nakakasalita at nakakaintindi ito ng Tagalog dahil half-Filipino ito.

Kuhang-kuha ni Samantha ang Spanish features ng ina, samantalang si Eula ay may pagka-Bumbay ang hitsura. Nakuha niya iyon sa ama na Algerian na dalawang taon na ring namamayapa.

"Sam, naman eh. May kukunin lang akong mga importanteng papeles sa villa—"

"Pupunta ka roon? Eula naman, delikado! Baka hindi ka na palabasin ng stepfather mo, or worse, matuloy na ang masamang tangka ni Eduardo sa 'yo. Remember, nandoon pa rin iyon ngayon. Hindi pa rin bumabalik ng Pilipinas—"

"Hay, Sam, I have to take the risk. Anyway, hindi ako magpapakita. Patago ang pagpasok ko sa loob ng bahay. Kailangan ko ang mga papeles. Paano ako makakapagsimula sa Pilipinas kung wala akong dalang kahit ano? And besides, kukuha rin ako ng pera. Wala akong kapera-pera, you know that. Naubos na sa pag-aasikaso kay Mama."

"P-pero—"

"I have to go now."

Her friend sighed, wala na itong nagawa. "Mag-iingat ka, ha?"

"Okay. Don't forget to lock the door."

Iyon lang at lumusob na siya sa kadiliman ng gabi. Para sa kanya, kakampi ang dilim na iyon.

Magmula nang lisanin niya ang villa more than a month ago, sagad na talaga ang kanyang galit sa mag-amang de Marisco.

Alam ni Eula na galit din si Narcisso sa kanya—maybe for contesting him. Lakas-loob niyang kinalaban ito... his words against hers... iyon nga lang, unfair ang batas.

Aksidenteng namatay ang kanyang inang si Nenita habang nakikipagtalo ito sa kanyang

stepfather na si Narcisso.

Matapos ang dalawang taong pagkabalo, napangasawa ni Nenita ang mayamang si Narcisso de Marisco. But he was a brute, authoritative and rough man. Milya-milya ang layo nito kumpara sa kanyang ama.

Her late father was a gentleman, very loving, and always after their welfare, sa kabila ng rough visage nito. On the other hand, si de Marisco ay sa panlabas na anyo lang ang kagandahan. Unti-unti nilang nakilala ang tunay nitong kulay nang matira sila sa malaking villa nito. Wala itong utos na maaari nilang suwayin. At kapag umalma sila, sinasaktan silang mag-ina ng lalaki. Upang hindi na masaktan, sumasang-ayon na lang ang kanyang ina sa anumang sabihin nito.

Pero nagbalak si Narcisso na iwan siya sa villa, kasama ang anak nito sa unang asawa—si Eduardo. Galing sa Pilipinas ang lalaki at papauwi na sa villa. Nakasabay naman niyon ang balak na paglalakbay ng mag-asawa.

Natatakot si Eula kay Eduardo dahil minsan siya nitong pinagtangkaang halayin kung kaya nakiusap siya sa ina na isama na lang siya sa pagbabakasyon nito at ni Narcisso.

Nagbalik sa isip niya ang naabutang eksena nang gabing iyon…

---

*Natigilan si Eula sa pagbaba ng eleganteng staircase nang maulinigan ang matigas na boses ng stepfather. Mayamaya ay tinig naman ng ina ang pumailanlang.*

*Ingat na ingat ang dalagang huwag makalikha ng kaluskos habang patungo sa semi-circle na terasa; doon nagtatalo ang mag-asawa.*

*"Pakiusap, Narcisso. Isama na lang natin ang anak ko. Tutal ay wala rin lang siyang gagawin dito. Ayokong iwanan siya lalo na at parating naman si Eduardo," dinig na dinig ni Eula ang pakiusap ng ina habang siya ay nakatayo sa likod ng makapal na kurtina.*

*"Ma'no naman kung parating na si Eduardo? Hindi naman aanuhin ng binata ko ang anak mo!"*

*"Ayaw kong magbakasakali. Alalahanin mong minsan nang pinagtangkaang gahasain ni Eduardo ang anak ko! Isipin na lamang na kapwa tayo naririto noon—"*

*"Por favor, Nenita! Matagal na iyon! Isa pa, sabi*

*nang lasing lang noon si Eduardo. At ang anak mo naman kasi, halatang tinutukso ang binata ko—"*

*"Of course not!" mariing tanggi ng ginang.*

*May sinabi pa ito na malabo sa pandinig ni Eula. Maging ang tugon ng amain ay hindi niya naintindihan. Mayamaya pa, tila sinasaktan nang kung paano ng lalaki ang kanyang ina kung kaya napapadaing ito.*

*Handang ipagtanggol ang ina, lumabas na si Eula.*

*Kitang-kita niya nang sampalin ng lalaki ang mama niya.*

*Na-off balance ang ginang sa lakas ng impact ng sampal. Eksaktong ang kinatamaan ng ulo niyon ay ang marmol na pasimano ng terasa. Kaagad na pumulandit ang dugo sa ulunan ng babae saka napabagsak ang katawan sa sahig.*

*"Mama?"*

*"Nenita!"*

*Halos sabay na sigaw nila ng lalaki. Unang nakadalo ang stepfather ni Eula sa tabi ng babae.*

*"Mama?" saglit na tila naparalisa ang kanyang*

*katawan, hilakbot sa nakikitang duguang mukha ng ina.*

*"Mama..." natutulirong usal niya. Wari pa ay hindi ganap na nauunawaan ang nangyayari nang mga sandaling iyon.*

*"Nenita?" mangha rin si Narcisso.*

*Doon tila natauhan si Eula, dali-daling tinakbo ang tabi ng magulang.*

*"Mama!" Itinulak niya ang amain, ayaw ipahawak ang inang naghihingalo na nang malapitan niya. "Mama! Oh, please Lord... help her!" Mahigpit na niyakap niya ang ina.*

*Nadama niya ang pilit na pagtaas ng palad ng ginang, marahil upang haplusin siya sa mukha. Tumutulo ang luhang idinikit ni Eula ang noo sa noo nito.*

*"A-anak..."*

*"Mama, please... you'll be fine. Please..." Humahagulhol na siya.*

*Pilit itong ngumiti. "I love you, my darling daughter..." Bagaman mahina lamang iyon, himalang derecho iyong nasabi ng babae. Pagkuwan ay nadama niya ang halik nito sa pisngi niya.*

*And then she was gone... her mother had passed away.*

---

Dahil mayaman, nagawang takasan ni Narcisso ang kaso nito. Nalungkot siyang isipin na maging sa bansang iyon pala ay laganap ang injustice.

Maigi na lang at tunay na kaibigan si Samantha. Sa bahay nito siya nakitira mula nang mailibing ang ina. In fact, pati ito ay hindi malayong nanganganib na rin ang buhay dahil sa kanya. Kaya nga ingat na ingat ang mga kilos nila.

Nagpalipat-lipat na rin sila ng tirahan. Alam niyang galit sa kanya ang amain dahil sa ginawa niyang pagsira sa pangalan nito nang sampahan niya ito ng homicide. At mahirap na kalaban ang tulad nitong mayaman at makapangyarihan.

Mainam namang wala itong alam na impormasyon ukol sa mga kaibigan niya, kung hindi, marami talaga ang mapapahamak.

Iyon ay kung hindi pa nga nito alam iyon. Marami itong pera, maraming puwedeng maging sources. Hindi imposibleng alam na nito ang kinaroroonan niya at kung sino ang kasama niya.

Tahimik ang buong kabahayan nang dumating si Eula. Sigurado siyang tulog na ang mga amo, maging ang mga tauhan ng villa.

Maingat na lumabas siya sa pinagkukublihang poste at halamanan. Inilabas niya ang duplicate key para sa walkway gate. Sinilip-silip niya ang paligid at binuksan nang kaunti ang pintong bakal. Iniwasan niyang makalikha man lang ng kaunting ingay or else, she would be doomed.

Para siyang mapapahiyaw sa katuwaan nang makapasok sa loob ng kabahayan. Naisahan niya ang mga tulog na bantay sa guardhouse!

Dilemma number two: Wala kayang gising na bantay sa loob ng bahay?

"Go girl." Ilang sandaling sinambit-sambit iyon ni Eula sa sarili, kasunod ng panalangin, habang walang kilatis na umaakyat ng hagdanan.

Iisa ang destinasyon niya—ang library!

Ini-expect niyang nakakandado iyon, kaya lahat ng mga importanteng susi ay napa-duplicate na niya kay Sam habang abala ang buong villa sa pag-aasikaso sa libing ng kanyang ina.

*Yes!* Natuwa siya nang mag-click ang pinto. Maingat siyang pumasok.

*Saan kaya itinago ng devil na iyon ang passport ko?* tanong sa isip ni Eula habang tahimik na inisa-isang binubuksan ang drawers. Wala. Ang bookshelves naman ang pinagtuunan niya ng atensyon.

*Please, please, Lord... Give me a sign.*

"Oh my..." Parang gustong magtatalon sa tuwa ang dalaga nang mahawakan ang pamilyar na orange folder niya. Doon niya iniipit ang mga important papers at passport niya. Nasa loob iyon ng isang secret case na parang libro kapag nakasara.

Some kind of luck—o sadyang may angel siya? Sa sampung bookshelves, ay roon pa nagawi ang kanyang paa sa pinakasentro.

Kipkip ang folder, ibinalik na ng dalaga ang case sa dating puwesto. Saka maingat na lumabas ng library.

Pera na lang ang kulang niya. Nang pasukin niya ang dati niyang silid, natagpuan niyang wala ang kanyang ATM, credit cards, alahas at pati cash sa kinalalagyan niyon. Paano siya makakarating sa Pilipinas?

Pagkatapat ni Eula sa okupadong silid ni Eduardo, isang desisyon ang pumasok sa isip niya. Inilabas niya ang bungkos ng susi at ipinasok sa keyhole. Bumukas iyon.

Kakaba-kaba man, dahan-dahang iniawang niya ang dahon ng pinto at sumilip.

Walang tao roon. Tinalasan niya ang pandinig. May naulinigan siyang lagaslas ng tubig mula sa banyo. Maaaring nagsa-shower lamang si Eduardo.

Ewan kung saan niya nakuha ang tapang nang pagkakataong iyon. Mas excited pa nga ni Eula kaysa kabado nang tuluyan niyang pasukin ang kuwarto.

At suwerte yata talaga siya nang gabing iyon. Mukhang wala pa ring kamalay-malay ang tao sa loob ng bathroom na may intruder sa silid nito.

Tinungo ng dalaga ang namataang baseball bat. Pagkaraan, as carefully as possible, she positioned herself at the side of the bathroom door.

Pilit na pinatatatag niya ang mga pulso para sa susunod na gagawin.

Hindi nagtagal, nagha-hum na lumabas mula sa banyo ang may-ari ng silid. Tamang-tamang paglingon ni Eduardo sa kinatatayuan ni Eula ay

ubod-lakas na inihampas niya ang hawak na bat dito. Ni hindi ito nakailag.

Hindi masiguro ng babae kung saan talaga ito tinamaan. Basta nang matutumba na ito ay dali-daling inagapan ni Eula ang pagbagsak ng malaking bulto ng lalaki.

Nabitiwan niya sa carpeted floor ang bat. Hirap man, isinandal niya ito sa pinto ng banyo.

Doon na nag-umpisang tumahip ang kanyang dibdib. Ninenerbyos na siya dahil tila napuruhan niya ang stepbrother. Medyo nakahinga lang siya nang masigurong may pulso pa ito. Ganunpaman, may dugong tumutulo rito mula sa gawing sintido.

Kailangan niyang makaalis doon nang mabilis. Tuluy-tuloy siya sa closet nito, naghanap ng perang puwedeng maitakas.

Ganoon na lang ang tuwa niya nang may makapang tila vault sa pinakababa ng closet. Gulat na gulat siya nang buksan ito at tumambad sa kanya ang kumpol na mga pera. At Philippine pesos na ang mga iyon. Nasa side niya talaga ang suwerte nang sandaling iyon.

Bago pa mag-run out of luck si Eula, mabilis nang isinilid ng dalaga ang bungkos ng salapi sa maliit

na backpack na dala-dala niya. Medyo nahigit ng dalaga ang paghinga nang mapasulyap sa lalaking wala pa ring malay sa sahig.

Sa isiping baka magising ito o gumawa ng ingay upang makuha ang atensyon ng buong kabahayan, hindi namamalayan ni Eula na sige siya sa paglagay ng mga salapi sa bag. Nakatingin sa direksyon ng pinto at minsan ay sa binata.

She did not even bother na sulyapan man lang ang kakaibang nahawakan, na kasama ng mga pera. Kasama na niyang isinilid ang bagay na iyon. Saka na siya mag-aabalang tingnan iyon, kapag ligtas na siya.

Mabilis na lumabas siya nang kabahayan nang matiyak na sapat na ang dala niyang pera.

---

“Kung bakit kasi, apo, hindi ka na lang mag-resign diyan sa pagpupulis mo at nang mag-stay ka na lang dito sa Puerto Mallorca? Run a business here or dito ka na magtrabaho—”

“O kaya ay tumulong ka sa negosyo ng iyong lolo, kagaya ng iyong kuya at mga pinsan,” natatawang salo ni Reuben sa iba pang sasabihin ng abuwela.

Natatawang napailing naman ang lolo niya. “Kabisado mo na ng linya niya, ah?” nanunuksong saad nito.

Kinindatan ni Reuben ang matandang babae. “Iyon at iyon kasi ang litanya ni Lola sa akin kaya memoryado ko na.”

Umugong ang tawanan sa parteng iyon ng balkon na nakaharap sa kumikislap na dagat. Tanaw nila ang mga paroon at paritong barko. Iba’t iba ang laki, iba’t ibang klase. Isa lang iyon sa mga nami-miss ni Reuben sa Spain, kapag nasa Pilipinas siya.

Kahit nakairap ay nakitawa na rin ang kanyang Lola Victoria. Mayamaya, lumabas din at naki-join sa kanila ang kanyang ama. Dati ring law enforcer si Danilo Montealegre sa Pilipinas. Lamang, nang magkasakit ito ay talagang kandapilit ang ina niyang si Lenie na magretiro na ito. Na hindi naman tinutulan ng kanyang ama.

“Nagkakasiyahan yata kayo,” bati ni Danilo sa maglololo.

“Kasi nangungumbinsi naman itong mama mo na magbitiw na rin sa pagpupulis sa Pilipinas itong si Reuben at dumito na sa España,” sagot ni Don Ambrosio, ang kanyang lolo.

Natawa rin si Danilo. "Hay naku, kung magagawa n'yo 'yan, Mama, dito sa binata ko, laking pasasalamat ko. Biruin mo nga naman at makukumpleto na ang mga anak ko rito sa España."

"Papa, naman..." reklamo ni Reuben. Sa kanilang magkakaanak, siya na lang ang nakabase sa Pilipinas. Ang Kuya David niya ay roon na nagnegosyo. Gayundin ang iba niyang pinsan. Dinadalaw niya na lang ang mga ito rito. Kaya lang dahil sa kaabalahan sa trabaho, bihira niya iyong magawa. Kaya naman madalas iparamdam sa kanya ng pamilya na nagtatampo na ang mga ito.

"Naiintindihan kita. Ganyan din ako noon. Pero, huwag ka, hijo, kapag nag-asawa ka at hilingin ng asawa mo na tumigil ka sa ganyang trabaho, iyon na ang dilemma mo."

Ngingiti-ngiti lamang si Reuben.

Dilemma? Magkakaroon nga siguro siya ng ganoong problema *kung* mag-aasawa siya.

Well, as of now, walang ganyang problema na mangyayari. Wala pa sa plano niya ang pagse-settle down.

When it came to women, hindi talaga siya nagseseryoso. Kapag ganoon ang usapan, pa-easy-

easy lang ang isang SPO3 Reuben Montealegre. Pa-fling-fling, ganoon. Pero marriage? Nah! That was not his cup of tea.

Bakit pa? Marami namang babaeng papayag na makarelasyon niya nang hindi niya kailangang isakripisyo ang kalayaan niya.

"O, ba't natigilan ka riyan?" Nanunukso ang himig ng kanyang ama habang tinapik-tapik siya sa balikat. "Para nabanggit ko lang ang 'asawa', naging tuod ka na. Tell me—tell us, miss na miss mo na siguro ang nobya mo ngayon, ano? Kaya uwing-uwi ka na kahapon pa sa Pilipinas. Kailan ba ang kasal ninyo?" panghuhula ni Danilo gayung wala naman siyang binanggit dito tungkol sa kahit sinong babae.

"Kasal?" Bahagyang nalukot ang guwapong mukha ni Reuben. "Pa, malayo pa iyon."

"At kailan pa? Twenty-eight ka na. Aba, makakadalawang apo na kami sa tuhod sa Kuya David mo, sa 'yo zero pa rin," angal ni Don Ambrosio.

"Lolo! Akala ko ba kakampi ko kayo?" kunwa ay reklamo niya ngunit nakangiti.

Aangal pa dapat ang mga kaharap ngunit dumating ang kanyang ina. "Nakausap ko na iyong kaibigan naming kapitan ng merchandise ship… sige

raw. Isasabay ka na nila sa *Tres Niñas Watercraft*. Patungo sila ng Asia at dadaan sila ng Pilipinas upang mag-angkat naman ng mga spices at kape."

"Wow! That's nice, Mom."

"Oo na. Alam ko namang gustung-gusto mo nang makauwi. Pero kung gusto mo namang mapabilis ang—"

"Hindi, Mama. Mas gusto kong magbarko naman ngayon, for a change, kaya sasabay na ako sa kanila."

"Kaya lang ay napakatagal ng paglalakbay sa tubig, hijo," singit ni Danilo.

"Ayos lang, Papa."

"Napaka-adventurer mo talagang bata ka, oo," anang abuwela niya.

"Sa inyo lang ho ako nagmana, Lola."

---

"Goodness, Eula! You look so—" Tila hindi magawang mabigkas ni Samantha ang right word para sa bagong anyo niya. "You look so... not-so-Eula! Very *un*-Eula iyang bago mong hitsura."

Napangiti siya. Nahaplus-haplos ang bagong

hairstyle at napangiti. “Do I really look different now, Sam?”

“Ano pa nga ba? Naku, tiyak lang na naririto ang mga kaklase natin, hindi ka makikilala. Ni hindi nga naman kasi nila aakalain na ang very demure, elegant yet naughty na si Eulandra el Khalid na may healthy, jet-black, unruly, waist-lenght hair ay nag-i-sport na ngayon ng bobcut hairstyle?”

“Hindi bagay?” may pagka-vain niyang usisa.

“Of course not! Iyang face mo pa? Iyang gandang ganyan ay ang tipo na lahat ng klase ng hairstyle ay babagayan... inggit nga ako sa beauty mo, amiga, eh,” sinserong turan ni Sam, saka matamang pinagmasdan ang bago na ring outfit ni Eula.

Napangiting pinagmasdan niya ang sariling kasuotan. Pakiramdam niya ay puwede na talaga siyang magsiga-sigaan. Hindi na siya puwedeng magkikilos nang gaya noon. Hindi maaari ang lady-like, proper and collected na asta.

Itinaas-taas niya ang mga balikat na tila nagpapa-macho.

Natawa si Sam. “Loka! Akala mo ba, mukha kang macho sa suot mo’ng iyan? Diosme! Mukha kang butete, ano!” Napahagikhik ito. “Don’t worry,

cute na butete," tukso nito.

Kumunot-noo siya. Pinaghirapan niya ang pagpapalibot nang kung ilang beses ng mga tela sa kanyang dibdib—mayroon din sa balakang upang matakpan ang kanyang womanly curves. Tapos ay butete ang kinalabasan niya? Bakit hindi siya nagmukhang macho na lalaki?

Waring nahulaan ni Sam ang tinatakbo ng utak niya, pilyang kinindatan siya nito. "Really, Eula, hindi ka na makikilala sa hitsura mong iyan ngayon."

"Kahit pa mukha akong butete, ayos lang naman. As long as ang purpose nito ay maging effective."

"Don't worry, effective naman, eh."

"Good. So paano? Iyong napag-usapan natin, ha? Aalis na ako at maraming-maraming salamat, Sam. Really, hindi kita makakalimutan."

Nagsimula nang maluha ang magkaibigan. Deep inside, talagang hindi nila maiwasang isipin na baka iyon na ang huli nilang pagkikita.

Patungo siya sa Pilipinas at si Sam, uuwi muna sa probinsya.

May balak din itong magtungo ng Pilipinas, pero iyon ay depende pa rin sa magulang nito. Sakali

mang matuloy ito sa bansang kanyang kinalakhan, doon na lamang sila magkikita ng kaibigan. Kapwa sila hindi pamilyar sa bansang sinilangan ng kani-kanilang mga ina. In fact, si Eula ay minsan lang napunta ng Pilipinas at iyon ay noong sampung taong gulang pa lang siya.

Alam niyang matagal nang naibenta ang bahay nila sa Pilipinas. At ang mga kamag-anak nila roon sa mother side, problema rin niya dahil hindi na niya alam kung sinu-sino ang mga iyon at kung saan hahagilapin.

Just the same, ganitong mapanganib nang masyado para sa kanya ang manatili sa España, iisa ang gusto niyang puntahan—ang Pilipinas.

May kahabaan din ang sandali bago sila nakalma sa pag-iiyakan.

“Let’s go, Sam. Ang sabi ko naman kasi sa ’yo ay hindi mo na ’ko kailangang ihatid pa sa Mallorca. Mas mapapanatag ang loob ko kung patungo ka na rin sa probinsya ninyo.”

“Pero malayo ang Mallorca, paano kung—”

“I’ll be okay. Malinaw ang usapan namin noong kapitan na kaibigan na namin ni Mama. Isasabay niya ako sa *Tres Niñas* dahil pa-Asia ang punta nina

Kapitan del Fuego."

"Mapagkakatiwalaan naman ba ang del Fuego na iyan?"

"Oo naman. Naging kaibigan niya si Papa noon n'ung dumaong sila sa Algeria. Noong umalis kami sa bansang iyon pagkamatay ni Papa, kay Kapitan del Fuego rin kami nakisakay patungo rito sa España. Bale, doon na nabuo ang friendship namin."

Napatangu-tango ito. "Hindi ka kaya maiwanan ng ship?"

"Tiniyak ni Kapitan na hihintayin ako. Nang magkausap kami noong isang araw, ibinilin sa 'kin na bawal ang babae sa ship nila."

"At sinabi niyang mag-disguise ka?"

"Oo at tama na rin ito. Lalo pa at nagtagumpay ako kaninang madaling-araw sa paglabas-pasok sa bahay ni de Marisco. By now, nadiskubre na nila ang ginawa ko kay Eduardo at marahil ang pagkawala na rin ng pera nila ay alam na niya."

"Kaya nga natatakot ako para—"

"Don't be, Sam... please. I'll be okay. In fact, wala ang takot na nadarama ko noong buhay pa si Mama. Dati, mas natatakot ako dahil baka sa galit

ni Narcisso, ang mama ko ang gulpihin niya. Now that… I'm alone, hindi na takot ang naririto." May kakaibang kislap ng galit sa kanyang mga mata habang itinuturo ang dibdib, "I've overcome the fear. Ang gusto ko lang ay maiganti si Mama. At iyon ang gagawin ko sa Pilipinas. I know, na ibang sakit ang madarama ni Narcisso de Marisco kapag nagtagumpay ako sa gagawin ko sa anak niya."

"Eula..." Hindi malaman ni Sam ang ipapayo. Damang-dama nito ang determinasyon sa boses ng kaibigan.

"Sa Pilipinas na kami magkikita-kita. Sigurado akong patapos na rin ang pagbabakasyon dito ni Eduardo... and I'm sure na paparoon din si Narcisso de Marisco."

Mas sinasabi niya iyon para sa sarili kaysa sa kaibigan.

Pagkuwan ay napahinuhod na ni Eula ang kausap na hindi na siya kailangan pang ihatid sa Puerto Mallorca.

"You'll always be my best friend, Sam. Take care."

"Mami-miss kita, Eula."

# 2

Sandaling inayos pa muna ni Eula ang sumbrero bago lumapit sa pamilyar na pigura ng kaibigang kapitan. May katandaan na iyon pero matikas pa rin. At ang maganda pa, marunong magsalita ng Tagalog si Kapital del Fuego kahit may accent. Palibhasa ay madalas ang merchandise ship na hawak nito roon sa Pilipinas.

"Kapitan del Fuego."

"E-Eula?" mangha ang matanda nang kalabitin niya at pagharap nga ay ibang-iba na ang kanyang hitsura. "H-hija..."

Nag-courtly bow pa muna siya. "*Si*, Kapitan. Ako nga po ito. Si Eulandra."

Naaaliw na napailing na lamang ang matanda subalit hindi pa rin sanay sa bagong anyo ng dalaga.

Ang dating sopistikadang si Eula ay... ano nga ba ang pinakatamang deskripsyon sa dalaga? Mukhang cute na *bonito*!

"Aalis na ho ba tayo, Kapitan?" Nakamasid siya sa magarang barko na minamaniobra ng lalaki.

Gayak na gayak na ang malaking sasakyan para sa paglalayag.

“Oo, hija. Paalis na nga tayo. Tamang-tama ang iyong dating. Basta ang bilin ko, ha? Alam mo naman na bawal talaga na nagsasabay kami ng tao sa ship lalo at may karga. Pinaliwanag ko na lamang sa boss ko na kamag-anakan ko kayo at doon din naman ang tungo sa Asia kaya nakisabay na sa ’kin. Bale dalawa kayo.”

“Oh! May isa pa ho kayong isasabay?”

“Ganoon nga. Makikilala mo siya mamaya. Naroon na ang lalaki sa barko.”

Sabay nilang tinungo ang dockyard ng Puerto Mallorca. Marami-rami nang tao roon. Ang lahat ay mahihinuhang crew ng iba’t ibang barkong nakadaong doon. And all males! Siya lang talaga ang nag-iisang babae sa gawing iyon ng Mallorca.

Mamaya pa ay paakyat na sila sa deck ng *Tres Niñas Watercraft*. Naglalakihang karton na gawa sa kahoy ang nakita niya sa deck.

Naging malikot ang mga mata ng dalaga nang nakatayo na sila sa gilid ng barandilya. Antimano kasi ay napokus ang atensyon ng mga tauhan ng barko sa kanya.

Ang iba, takang-taka. Ilan naman ay kunot-noong naglipat-lipat ang tingin sa dalaga at sa kapitan. Awtomatikong nag-mental check si Eula.

Ano ba ang naging kilos niya kanina nang paakyat sila? Hindi ba sa lalaki? Nahalata kaya ng mga ito na babae siya?

Para pang gusto niyang mapatalon sa gulat nang biglang may magsalitang lalaki habang papalapit sa kanila ng Kapitan.

“Hello, big boy!” Ngiting-ngiti ang binatang papalapit.

At isa iyong friendly smile. Iyong tipong ipinapakita sa mga bata kapag pinapaamo.

Awang ang mga labing napatitig si Eula rito.

From his lean and muscular, six-feet-and-something frame, his unruly hair na nakatali dahil hanggang batok ang haba, mga matang matiim kung tumingin at tila sumasayaw sa kapilyuhan... whew, he was a hunk!

Buong kanaturalan na nakatayo ito sa kanyang harap. Bago siya nakahuma, inabot ng daliri nito ang kanyang baba at masuyong pinisil iyon. It was a warm gesture na hindi napaghandaan ni Eula.

Tuluyan na siyang naumid. Mulagat lang siyang nakamata rito. At the same time, nais na niyang magpasaklolo sa kapitan. Pero sa malas, sandaling lumayo ang matandang lalaki sa kanila at may kausap na crew.

"Hey, what's your name, big boy?" amazed na amazed na sabi ng poging binata. Wari ba, in-assume na talaga ito na English ang naiintindihan niyang salita at hindi Spanish.

Ngunit hindi roon napunta ang kanyang atensyon kundi sa pangalang tinawag sa kanya. Big boy?

Sa isip-isip ni Eula, gusto niyang matuwa. Bakit hindi? Eh, ang talagang purpose niya sa pagdi-disguise ay upang maikubli ang kanyang katauhan. At mukhang effective iyon. Tila walang nahalata ang lalaking ito.

Kaya lang ang gusto niya ay magmukha siyang grown-up hunk, katulad ng kaharap niya, at hindi isang totoy.

Hindi siya aware na napasimangot pala siya. Na kaagad namang napuna ng lalaki. Marahang hinaplos nito ang ulunan niyang may sumbrero, tipo talagang bata siya na inaalo.

"All right, if you don't want to give me your name, let me just introduce myself to you. My name's Reuben."

"*¿Cómo estás, Señor Reuben?*" aniya.

"Oh!" Sandaling mistulang ito naman ang nawalan ng sasabihin. Matiim itong tumitig sa kanya. Inalihan siya ng kaba.

*Oh my! Paano nga ba kasi dapat ang boses ko!* litong tanong niya sa sarili. Kundangan kasi ay nalimutan niyang practice-in iyon.

Sabi naman kasi ni Sam, ayos lang ang tinig niya. Medyo husky pero suwabe ang dating sa tainga.

"Ah, Señor..." wala sa loob na aniya, medyo modulated ang boses niya. Hindi bale na kung magtaka ito kung paanong ang isang totoy ay may boses na kaagad ng kagaya sa kanya.

Hindi naman na talaga siya totoy, twenty-one na siya!

Nakalapit sa kanila ang kapitan nang halos hindi nila namalayan. Paano, ang binata ay na-amuse at na-mesmerize sa inosenteng mukha ni Eula. Siya naman, sari-sari ang naiisip kung paano makakaalis sa harapan nito. Pakiramdam niya ay binabasa nito

ang kaluluwa niya at nahuhulaan na nagpapanggap lang siyang lalaki.

"Ah, Eul—" mabuti na lamang at kaagad ding naitama ng kapitan ang sarili, "…Yul, nagkakilala na ba kayo ni Reuben?"

"Nakakaintindi siya ng Tagalog!" Parang gulat na gulat si Reuben, muling napatitig sa kanya. Siya man ay manghang sinalubong ang mga mata nito.

*Filipino ang lalaking ito? Pero mukha siyang Español?*

"Oo, Reuben. Nakakasalita at nakakaintindi rin si Yul ng Filipino dahil naturuan siya ng kanyang ina."

"Oh? So Yul pala ang pangalan mo at Filipina ang iyong mama?"

Animo hindi makabasag-pinggang napatango na lang siya. Hindi pa rin niya maialis ang tingin dito. Ang binata man ay ganoon din.

"Huwag kang matakot dito, Yul." Tila nahalata ng kapitan ang kanyang discomfort. "Kaibigan ko ang mga kamag-anakan ni Reuben dito sa Mallorca. Ang lola niya ang talagang Español ngunit ang mga magulang ni Reuben, pati na rin ang lolo, ay mga

Filipino."

"Totoo iyon, Yul." Nang-eengganyo ang ngiti ng binata. "Bakit? Natatakot ka ba sa 'kin, big boy?"

Inis na napasimangot siya. Paano naman siya mangingiti, eh, big boy ito nang big boy sa kanya?

"Hindi ako natatakot sa 'yo, 'no. Why should I?" pagtataray ni Eula.

Para namang nahimigan ng matandang lalaki ang bumabangong inis ng dalaga. Pigil ang tawang namagitan ito.

"Siya nga pala, Yul. Itong si Reuben ay pulis sa Pilipinas," imporma ni Kapitan del Fuego. Bahagya pang tinapik-tapik sa balikat ang na-a-amuse na binata.

"P-pulis?" mangha siya. Nagbabalak siya ng paghihiganti at sa Pilipinas niya isasagawa. Ngayon heto, ang una niyang nakasalamuhang Pilipino ay isang pulis?

Para talagang may 'warning' na kaagad na pinadala sa kanya ang langit.

Napaismid si Eula. *I'm sure naman na kahit ga-munggo lang ang laki ng Pilipinas sa mapa, malaki pa rin iyon para magtagpo ang landas namin ng mokong*

*na ito*, aniya sa kalooban.

---

Sa captain's cabin iniwan ni Kapitan del Fuego ang dalawa nang magsimula na sa paglalakbay ang barko.

Doon, at least, makakaiwas sila sa mga pag-uusisa ng crew.

Sa loob ng silid, halata ang discomfort ni Eula. Naroong mapatanaw siya sa pabilog at maliit na bintana, minsan ay mapapaupo sa sahig o kaya ay igagala ang paningin sa hindi rin naman kalakihang kuwarto na iyon.

But goodness! Pang-ilang beses na ba niyang naigala ang mga mata huwag lang humantong iyon sa pangiti-ngiting pulis na hayon at komportableng nakaupo sa single couch di-kalayuan sa kanya. Ngunit sa kaiiwas niya, hindi naglaon ay amused na amused na lumakad ito patungo sa kanya.

Asar na sumalampak siya ng upo. Ginaya nito ang iginawi niya; walang-anuman na sumalampak din ito ng upo at sa mismong harap niya pa. Kasabay niyon ay pilit na pinagtatama nito ang mga mata nila.

"Big boy—"

"Don't call me that!"

"All right," tila nagpapaamo ng bata na hinaplus-halos nito ang ulunan ng suot niyang sumbrero.

"Señor, baka puwedeng lumayu-layo ka kahit kaunti?"

Muling sumayaw sa kakaibang kislap ang mga mata ng lalaki. Gayunpaman, tumalima ito, umusod nang bahagya.

"'Ayan ah, sinunod ko na ang gusto mo. Hindi na rin kita tatawaging big boy? Pero gusto ko, alisin mo na rin ang pagse-señor-señor mo sa 'kin, deal?"

"Fine."

"'Wag mo na 'kong tawaging kuya. Reuben is all right." Hindi siya umimik. "Wait! Ilang taon ka na ha, Yul?"

Muling lumikot ang mga mata ng dalaga. Iyon na yata ang kinatatakutan niya. Lumalabas na ang pagkapulis nito. Iinterogahin pa siya!

"Yul... ang sabi ko—"

"Narinig kita." Pinili niyang ikalma ang sarili; kung magpa-panic siya, lalo lang siyang mahahalata

nito.

Ngumiti si Eula. So sweetly, na ikinalabas ng dimples niyang maliliit sa gilid ng mga labi. She was unaware na sa pagkakangiti niya, lumabas ang tunay na siya—the dazzling Eulandra, na kahit naka-damit panlalaki ay hindi maikakailang physically blessed talaga.

Suddenly, Reuben too was in awe. It was like something wonderful and undefinable had hit him somewhere.

"So, ilang taon ka na?" he asked again, looking intently on her. Na tila isang mamahaling bato ang dalaga at pinag-aaralan nito sa sariling mga palad.

"Twenty-one." Naiilang siya sa titig ng binata pero hindi niya iyon puwedeng ipahalata, baka mabuko nito ang tinatago niya.

"Oh?" Hindi naniniwalang tumaas ang dalawang kilay nito.

Napatawa siya. It was the first time na nagawa niya iyon mula nang mamatay ang kanyang ina.

"Yul, iyong totoo... tell me, ilang taon ka na talaga?" Masuyo siyang pinisil nito sa tungki ng ilong. "Fifteen? Sixteen—"

“That young?” Muli siyang napatawa.

Nahawa na rin ito. Mas gusto naman kasi ng binata na nakikitang at ease na si Eula. Hindi na namalayan ng dalaga na nawawala na ang kaninang kaba niya. Ngayon, relaxed na uli siya. And not only that, she was smiling, laughing, giggling nang bukal sa kalooban.

“Hindi ka naman mukhang twenty-one.”

Tumawa na lang si Eula.

“All right, hindi na kita pipilitin sa edad mo. Pasasaan ba at malalaman ko rin.” Niyaya siya nito sa di-kalakihang kama. Pagkuwan ay naglabas ang binata ng mga chips. “Here. Para habang nagkukuwentuhan tayo ay may kinakain ka.”

“Thank you.” Pagbukas niya ay pumuwestong muli si Reuben sa harapan niya na wari ba ay ready talaga sa mahabang tsikahan.

“So, mama mo ang Filipina. What about your father? Is he Spanish?”

“No, Algerian.”

“Kaya pala mukha kang prinsesa ng mga Bumbay.”

Saglit siyang hindi nakahinga. Prinsesa? Nabuko na ba siya?

“W-what are you s-saying? I-I’m a *he!* Baka mukhang prinsipe, you mean!”

“Oo nga pala.” He shrugged. Subalit ang mga mata nito ay titig na titig sa kanya.

Sandali silang natahimik. Hindi mawari ni Eula kung ano ang naiisip ng kaharap. Muli ay inalihan siya ng kaba.

Bistado na kaya siya ng pulis na ito? Gustuhin mang maging kaswal muli ng dalaga, hindi na niya magawa. Paano, ninenerbyos siya sa paraan ng pagtingin nito.

Mayamaya, inalis nito ang mga mata sa kanya pero nagpatuloy sa pagtatanong.

“So Algerian-Filipino ka.”

“Yes. Kaya kami narito sa Spain dahil patay na ang aking papa at iyong bagong asawa ni Mama ay Spanish.”

“I see. At sino ang pupuntahan mo sa Pilipinas? Nasaan ang mga magulang mo?”

Puminta sa magandang mukha ni Eula ang

kalungkutan.

“My mom’s gone. She just passed away.”

Napabangon si Reuben at inabot ang kamay niya. “Oh! I’m sorry for asking—”

“It’s all right.” May tuwang lumukob sa kanya sa pagkakakulong ng kamay niya sa palad nito. Muli ay naghari sa kanila ang katahimikan.

“Sino ang pupuntahan mo sa Pilipinas? At taga-saan kayo?”

Sa pagkakataong iyon ay nag-atubili siya. “Taga-Batangas ang angkan ng mama ko. D-dadalawin ko muna ang mga kamag-anakan namin doon.” May bahid ng kasinungalingan ang sinabi niya. Ang totoo ay hindi niya alam kung saan siya pupunta pagdating sa Pilipinas.

Ni wala nga siyang ideya kung sinu-sino ang kamag-anakan nila sa Pilipinas. Isa pa, sa pangalan niya lang alam ang lugar ng Batangas. Isang beses pa lang siyang nagawi roon. At limot na niya ang hitsura noon.

Besides, hindi roon ang tutunguhin niya oras na makarating ng Pilipinas. Bakit doon? Hindi naman mapapadpad doon ang kanyang kalaban.

"Batangas! Sa amin ay sa Cavite!" tuwang sabi nito. "Susunduin ka ba ng mga kamag-anak mo pagdating sa Pilipinas? Or ihahatid ka ni Kapitan?"

"Eh, hindi. Ayaw ko nang abalahin pa si Kapitan. Tama na iyong nakisabay ako sa kanya. At least, nalibre ako sa pamasahe. Magpapasundo na lamang ako sa mga tiyahin ko."

Sandali itong nag-isip-isip.

"Teka, naghinto ka ba sa pag-aaral?"

Pinili niyang magsabi ng totoo sa bagay na iyon. "Kaga-graduate ko lang. Sinabi ko naman sa iyo di ba, twenty-one na ako."

Parang hindi pa rin ito makumbinse sa bagay na iyon. Mas tinagalan nito ang pagtitig sa kabuuan niya. Bagaman at nakaupo siya, pakiramdam ni Eula ay mabubuko na siya nitong talaga.

"Anong kurso ang natapos mo?"

"B-behavioral science."

"Behavioral science!" ulit nitong mukhang hindi naniniwala.

"I'm serious. Maski itanong mo pa kay Kapitan del Fuego. Alam niyang sa *Colegio de Ciudadela* ako

nagtapos."

"*Colegio de Ciudedadada*... dada. Never mind! Ang hirap bigkasin ng school mo."

Napabungisngis si Eula. She was feeling lighthearted again.

# 3

For days and nights, mistulang walang katapusan ang tubig na dinaraanan ng *Tres Niñas Watercraft*. At sa loob ng ilang araw na pamamalagi nina Eula at Reuben sa barkong iyon, wala silang ginawa kundi ang kumain, matulog, tumambay sa deck, magtawanan, kuwentuhan, tuksuhan.

May mga pagkakataong tumutulong si Eula sa tagaluto. Palibhasa ay akala ng mga crew na siya ay bata lamang kung kaya ang iba ay lakas-loob pang utusan siya. Kapag ganoon ay tinutulungan naman siya ng binatang pulis. Pagkuwan ay aayain na siya nito sa cabin nila. Para raw makaiwas siya sa pag-uutos ng mga barumbadong crew. Iyon din ang bilin ni Kapitan del Fuego sa kanya.

Kapag naroon sila sa cabin ay ang pagto-tong-its ang inaatupag nila. Tinuruan siya ng binata kung paano iyon laruin. Nang makatsamba siya ng panalo ay talaga namang nagtitili siya sabay pagigil na hinalikan sa pisngi ang binatang amused na amused.

And then, nang maalalang hindi siya dapat umaakto nang ganoon, balik-acting siya.

Pilipinas…

"What! Nasa Pilipinas na tayo!"

"I think so, Yul. Bilis, hindi mo ba naririnig ang mga excited na boses ng mga crew members?"

Sa sobrang kasabikan nila ay nailapag na lang nila basta sa sahig ang mga cards. Nakalimutan na nila ang pagto-tong-its.

Magkasabay na lumabas sila ng cabin at umakyat sa deck.

"Oh!" tanging nasambit ng dalaga nang matanaw ang buildings at ang port mismo, na ilang kilometro pa ang layo sa kanila.

Mayamaya ay inakbayan siya ng binata.

"See? Pilipinas na nga. Tara sa cabin. Let's pack up our things."

"S-sige." Hindi mawari ni Eula kung bakit sa kabila ng kaligayahan, nakadama siya ng kalungkutan.

*Because you have come to like the man. You have developed some kind of fondness for him,* anang isang bahagi ng utak niya.

Bago makarating ang dalawa sa cabin ay nakasalubong nila ang mabait na kapitan.

"Heto na tayo, Pilipinas na!"

"At maraming-maraming salamat, Kapitan del Fuego!" malugod na kinamayan ng binata ang matandang lalaki. "Naging napakagandang experience ito para sa 'kin. Ang makasakay dito kasama kayo at ang crew… at may bonus pang Yul."

Malutong na napatawa ang dalawang lalaki. Samantala, tila may bumibikig sa lalamunan ni Eula habang salit-salitan ang tingin sa dalawang lalaking naging napakabuti sa kanya.

Pagbaling ni Reuben sa kanya, tila mas lalong nakadama ng paghihirap ng kalooban ang dalaga. Hindi siya nahiya pa nang pangiliran ng luha ang mga mata.

"Yul…" nag-aalalang inakbayan siya ni Reuben.

Pinilit niyang ngumiti. Mabilis niyang iniiwas ang mukha nang akmang sasapuhin nito ang pisngi niya. "Please don't mind me, Reuben. Ganito lang talaga ako. I hate saying goodbyes… lalo na at sa isang kaibigan." Napabuntong-hininga ito nang kalasin niya ang mga kamay nito mula sa kanyang balikat. Nilapitan niya ang kaibigang kapitan at niyakap.

"Kapitan, maraming salamat ho. Sana ay muli ko pa kayong makasama... dito o sa España, walang problema. Hinding-hindi ko kayo makakalimutan, Señor."

"Ako rin, Yul... basta alam mo naman kung nasaan ako sa Mallorca. Babalik ka pa naman doon, right?"

"S-siguro ho," naninikip ang dibdib na kumibit-balikat siya.

"Pasensya ka na kung hindi kita maihahatid man lang doon sa 'ika mo ay tutuluyan mo rito sa Pilipinas—"

"Huwag ho kayong mamroblema roon, Señor. Naiintindihan ko naman ho na kailangan ninyong asikasuhin ang iba pang karga."

"Don't worry, hindi ko pababayaan na umuwing mag-isa si Yul. Ako po ang maghahatid sa kung saan man siya pupunta," singit ni Reuben. Litong napatingin si Eula rito. Nais mang tumutol ay hindi na siya nagsalita.

"Salamat kung ganoon, Reuben. Ako talaga ay nag-aalala na mag-isang nagpapalakad-lakad si Yul rito sa Kamaynilaan. Bago lang din ito—"

"Señor naman..."

"Ah, basta. Mapapanatag ang loob ko na iwan kang mag-isa rito sa Pilipinas dahil alam kong maaasahan itong si Reuben."

Tumangu-tango ang dalaga. Mayamaya na niya iisipin kung paano gagawan ng paraan na hindi siya maihatid ni Reuben.

Bumalik siya sa cabin para ayusin ang kanilang mga gamit.

"Yul…" Nagulat si Eula nang yakapin siya ni Reuben. "Hinding-hindi kita makakalimutan, big boy." May panunudyo sa himig nito subalit sa mga mata naman ay naroon ang hindi mabasang damdamin.

"Dapat lang, Officer Montealegre!" Medyo sumaya ang bukas ng mukha niya. "It's not everyday na mayroon kayong mami-meet na poging Algerian… na nagmumukhang prinsesa, ayon sa 'yo!"

"Yeah," anito at hinagkan ang tuktok ng kanyang ulo.

Parang nagtungo sa lalamunan ni Eula ang kanyang puso. Habang yakap siya ni Reuben nakatagpo siya ng pinakatamang lugar na kanyang mapagkakanlungan.

Kinailangan ni Eula ng extra effort sa pangungumbinsi kay Reuben. Desidido itong ihatid siya sa patutunguhang probinsya. O kung hindi man ganoon, at least ay hindi siya iwanan hangga't hindi pa dumarating ang sinumang kamag-anakan niya na susundo sa kanya. Ngunit alinman sa dalawang suhestyon ng makisig na pulis ay magbubuko sa kanya. Kung kaya kandaisip ang dalaga ng gagawin upang makawala rito.

"Okay, payag na akong pumunta tayo sa inyo," balewalang sabi ni Eula mayamaya sa makulit na binata.

"Good! Kapag nakapahinga ka na ay saka tayo paparoon sa inyo sa Batangas."

"Pero bago tayo pumunta sa bahay mo, puwede bang dumaan muna tayo sa department store? Kasi, ang mga nadala kong damit ay pulos makakapal. Hindi pala angkop sa klima rito sa Maynila."

Ang totoo, gustung-gusto na rin niyang magpalit ng damit. Paano, sa patung-patong niyang kasuotan para lang maitago ang kurba ng katawan ay talaga namang basa na siya ng pawis.

Kaagad na dumako ang mata ng binata sa

katawan niya, bago muling bumalik sa kanyang mukha na may butil-butil na pawis.

"Yeah... init na init na nga siguro ang pakiramdam mo ano? Mukhang bukod pa yata kasi diyan sa polo mo ay may kamiseta ka pa?"

Nakahinga siya nang maayus-ayos nang pumara na si Reuben ng taxi. Nagkunwa siyang abala sa pagmamasid sa paligid habang sakay niyon at binabagtas ang gawi ng Roxas Boulevard.

Pagdating sa mall, tila siya musmos na mawawala na hawak-hawak pa talaga nito sa isang siko at giya-giya sa paglalakad.

Lihim siyang napadasal. Paano ba siya makakawala rito, eh hindi malingat ang mata sa kanya?

Pagkaakyat nila sa third floor, tinungo nila ang section na pang-men!

"Sige. Mamili ka na ng gusto mo." Binitiwan nito ang braso niya. Kunwa ay kaswal siyang nagpaikut-ikot at namimili ng mga t-shirts. Subalit ang mga mata naman niya ay ilang beses ding lihim na tinitingnan ang direksyon ni Reuben.

Nang masulyapan niyang bahagyang tinungo

ng pulis ang gawing upuan ng mga nagsusukat ng sapatos, dali-daling nagpakubli-kubli ang dalaga sa mga paninda. Maliksi ngunit buong ingat na tinungo niya ang exit ng shopping area at saka kinuha ang iniwang mga gamit sa tagabantay.

Halos mabingi si Eula sa sobrang lakas ng kabog ng dibdib niya habang hinihintay na maiabot sa kanya ng guwardya ang kanyang mga bags. Eksaktong hawak na niya ang mga bags, nakita ni Eula ang binata habang tila nagtatanong sa saleslady na siyang naka-assign doon sa pinamimilihan niya kanina. Hindi na siya nag-aksaya pa ng sandali, nang mapagawi sa kanyang direksyon ang mga mata ng binata ay bumira na siya ng takbo!

Mabangga na ang mababangga ng mga gamit niya, nungka na huminto pa siya upang mag-sorry! Ang nais niya lang ay makatakas kay Reuben. It's now or never! Mabilis na pumasok si Eula sa ladies comfort room.

She was glad dahil ang mga babaeng naroon na ay iyong mga nasa loob na ng toilet cubicles. At least, hindi na siya magkakandahirap sa pag-e-explain kung may sisita sa kanya at bakit naroon siya, imbis na sa men's room.

Sa isang bakanteng cubicle, nagpalit na siya ng

damit. Inilabas ang summer dress mula sa kanyang bag, ang clogs na kulay-itim. Pagkuwan ay lumabas na siya, suot ang mga iyon.

Iniwan na ng dalaga ang mga pinagbihisan sa waste basket, kasama na ang mga telang pinalibot niya sa balakang at dibdib.

Medyo unchic na Eula nga lamang dahil sa bitbit niyang mga bags, isipin pang naka-bestida siya. Pero maano ba? Hindi naman niya ikamamatay iyon.

Bago tuluyang lisanin ang comfort room, binasa-basa pa ng dalaga ang buhok. Medyo itinayu-tayo sa kung saan-saang direksyon.

Binati niya ang sarili sa nakitang ayos. Hindi na siya makikilala ni Reuben sa hitsurang iyon.

---

Magtatatlong araw nang uneasy si Reuben.

Magmula nang dumating siya sa Pilipinas ay tila siya driftwood na tinatangay-tangay ng alon ng dagat. He was restless; his mind was having a rollercoaster ride of its own. Na kabaligtaran sa dapat dahil kagagaling niya lang sa pagbabakasyon.

He was supposed to be eager to work again. Well, ganoon siya kapag fresh from vacation. Parang

sinisilaban ang pang-upo at game na game na mag-duty. But how come ngayon ay taliwas sa mga iyon ang nadarama niya?

Siyempre alam naman niya kung bakit.

The next day, kahit hindi pa dapat siya magre-report for duty dahil hindi pa naman tapos ang bakasyon niya, ay minabuti na rin ni Reuben na magpakita na sa headquarters.

Ipinaparada pa lang niya ang sariling pick-up sa gilid ng parking lot ay tuwang sinalubong na siya ng isa sa mga kagrupo.

"Reuben! You're back!" masayang kaagad na siyang niyakap ni JG pagkababa niya ng sasakyan. Ito ang tanging babae sa grupo nila. Ito ang muse nila.

Tuwang-tuwang niyakap niya rin ito, pabirong hinihila ang buhok ng dalaga.

"Kailan ka pa bumalik ha?" anito.

"Secret—"

"Ang daya! Siguro ay ang tagal mo nang nandito sa Pilipinas, hindi mo lang talaga kami binibisita, ano? O baka kasi wala kang pasalubong sa 'min kaya nagtatago ka?"

Tatawa-tawang inakbayan na niya ito saka iginiya patungo sa building. “Ano ba’ng nagtatago? Heto nga at magpapakita na ako sa inyo.”

“Eh, ang pasalubong?” Huminto ito saka nakairap na hinarap siya. “Nasaan? Nasa pick-up mo ba? Tara, kunin na natin.”

Nakukulitang muli niya itong inakbayan saka nagpatuloy sa paglalakad. “Nasa bahay. P’unta kayo mamaya roon, okay?”

“Hmph,” kunwa ay inirapan siya ng dalaga subalit nakangiti naman. “Sige, kapag wala akong natanggap, lagot ka sa ’kin.”

---

“Oo nga naman, Reuben, mag-duty ka na rin bukas,” anang kasamahan niyang si Jove.

“Kaya nga eh,” sang-ayon ni Rallon. “Ganito at wala si Sir Montana, aapat lang kami nina Luce. Gusto ni Major ay maresolba na iyong hawak-hawak naming kaso ngayon.”

Lumagok pa muna si Reuben ng beer bago tumugon. “Iyan pa rin ba ang kaso na siyang itinalaga sa inyo ni Major Estacio bago ako magtungo sa Spain?”

"Hindi, bago ito. Bale iyong dating kaso na naabutan mong hawak-hawak namin bago ka umalis, sina JG at Rallon na ang may hawak n'un. Kasi matatapos na rin iyon. Pero tumutulong pa rin naman kami sa kanila dahil si Sir Gabriel ay nagbakasyon din sa probinsya."

"Kaya mag-report ka na rin," sabat ni Jove. "Matinik itong sindikatong tinutugis namin."

"Ano bang raket ng sindikatong iyan?"

"Nagpepeke ng pera," sagot ni Jove.

# 4

"Sandali muna, hija!"

Napahinto si Eula sa akmang pagsuksok ng susi sa keyhole. Takang nilinga niya ang landlady ng girl's dormitory na nilipatan niya. Nasa gawing Pasay iyon. Doon napadpad ang dalaga pagkatapos ng insidente sa mall.

"Bakit ho, Mother Tessie?"

"Eh kasi, Eula, may problema doon sa perang ipinang-down mo."

Kumunot ang noo niya. "Ho? A-ano ho'ng problema? Nawalan ho ba kayo ng pera?"

Umiling ang matabang babae na mabait ang bukas ng mukha. "Hindi, Eula. A-ang totoo niyan, nasa akin pa rin iyong ibinayad mo. Kaya lang, nang idedeposito ko na kanina sa bangko, eh hindi tinanggap ng teller. Mangyari kasi ay peke iyong mga one thousand bills na bigay mo."

"Ano ho?" Nahindik si Eula sa tinuran nito. Para pang hindi makapaniwala ngunit ang malungkot at seryosong mukha ng landlady ay nagsasabi na hindi

ito nagbibiro. “P-pero…”

Wala sa loob na kinapa ni Eula ang bulsa. May cash siya roon. Kagagaling lang niya sa isang mini-grocery. May binili roon ngunit wala namang naging problema sa pagbabayad niya. Iisa lamang ang pinagkuhanan niya ng pera at iyon ay sa kulumpol ng pera na inumit niya sa vault ni Eduardo.

“Hija, sigurado akong sa ’yo galing ang perang iyon. Kasi nakasilid pa iyon doon sa envelope na inabot mo sa ’kin kahapon.”

Tila nangingipuspos na napasandal siya sa saradong pinto. Bigla, ginitlian siya ng pawis.

“Paano ho iyan, Mother Tessie. Iyong pera ko ho eh...” Tila maiiyak na siya sa harapan nito. Paano na lang siya kung ang perang natangay niya ay pulos pala peke?

Nagdalang-habag naman ang matandang babae. Napapahingang tumangu-tango. “Galing ka ’ika mo sa ibang bansa, di ba? Sigurado ako na ang napagpalitan mo ng pera ay mandurugas. Pulos peke ang ibinigay sa ’yo. Uso kasi ngayon dito sa Kamaynilaan at maging sa mga karatig na probinsya ang pekeng pera.”

Thank God! Buti na lamang at inakala ng

kaharap na siya ang naloko. Paano na lang kung ang itinakbo ng utak nito ay iyong kabila, na siya ang culprit? O kaya ay kasabwat sa pamemeke ng pera? At ipahuli siya sa pulis?

Nanahimik na lamang si Eula habang nag-iisip ng gagawin.

"Mother," aniya mayamaya, "huwag ho kayong mabahala. Babayaran ko na lang ho uli kayo."

"Hija, kung magpapalit ka na naman ng pera ay doon sa authorized money changer. Ang maige pa siguro ay samahan ka na namin ng asawa ako upang masiguro na hindi ka maloloko. May kakilala kasi iyong—"

"N-naku, hindi na ho. K-kuwan... ako na lamang po."

"Siguradoka?" Tumangosiya. "Teka, natatandaan mo pa ba iyong puwesto na pinagpalitan mo ng pera? Gusto mong mag-report tayo sa pulis?"

Nataranta siya. "Eh... h-hindi ho. Nakalimutan ko na po, Mother. Alam n'yo naman pong bago lang ako rito sa Maynila."

"Don't worry, Eula, hindi pa naman kita paaalisin dito."

"T-thank you po." Parang gustong kurutin ni Eula ang sarili dahil sa pagkakonsyensya. But what could she do? Nang takasan niya ang tulong ni Reuben, she had to be totally on her own. And now, tila siya yagit na walang masusulingan.

"Eh teka pala, Eula. kukunin ko lang iyong perang ibinayad mo. Nang sa gayon ay makita mong hindi ako nagsisinungaling."

Malungkot siyang napangiti. Pagkaraan ay tuluyan nang binuksan ang silid.

Ang perang nakulimbat niya ay mga peke? Ngunit paano namang nagkaroon ng mga fake bills si Eduardo?

Nag-mental count si Eula. For a couple of days, hindi siya magugutom kung ang ibibili niya iyong mga isinukli sa kanya ng mga little stores na ang ibinayad naman pala niya ay peke... oh my! Nakakakonsyensya talaga.

Sa maliliit na tindahan, puwede pa siyang hindi mabisto. Lalo at bibihira ang mayroong detectors sa small enterprise. At ang kanyang mga pera ay mukha talagang tunay.

Kaagad na napatayo sa Eula, tinungo ang bag saka inilabas ang mga kulumpol ng pera. Namimilog

ang mga mata niya habang pinag-aaralang maige ang mga iyon. Parang tunay talaga ang pagkakagawa. Bakit may ganoon si Eduardo? At napakarami!

Kumunot ang noo ng dalaga nang may ideyang naisip.

Habang may mga vague answers na nabubuo sa kanyang isipan, papalakas din nang papalakas ang tibok ng kanyang puso.

Ang alam niya beach resort na pag-aari ng Pinay na ina ni Eduardo ang inaatupag nito sa Pilipinas. May ideya na siyang gawaing illegal iyon na may kaugnayan sa sindikato.

Saka niya naalala ang kakaibang bagay na napasama sa nakuha niyang pera. Nagmamadaling kinakalkal niya ang laman ng duffel bag.

Puno ng antisipasyon na inilabas niya roon ang tila tinplate na nakabalot ng telang itim at puti. Halos pigilin pa ng dalaga ang paghinga nang unti-unti ay klarong makita ang itinatago ng tela.

*Oh Lord, what's this?* Hindi mapigilang pangalugan ng mga daliri si Eula kasabay nang pamumutla. *These are money plates!*

"Uy! Por que, sinabing magandang chick ang naghahanap sa 'yo sa ibaba, natataranta ka na, ah!"

"Napansin mo rin pala iyon ha, Jove. Ako rin eh," natatawang sang-ayon ni Luce. "And I wonder, kung ano ang mayroon sa chick na iyon at naging ganito itong pare natin."

"Mga sira! Hindi ko alam kung sino iyong naghihintay sa ibaba."

Bago tuluyang lisanin ang kuwarto, narinig pa ng binata ang pahabol na tukso ng mga kasamahan.

Napapailing na binagtas niya ang pasilyo, patungo sa reception area. Hindi niya maiwasang ma-curious. Sino naman kaya ang bisita niya? At babae raw?

Mahigpit niyang bilin sa mga babaeng naging nobya niya na huwag siyang pupuntahan sa opisina. At mula noong bumalik siya galing España, hindi pa siya nakikipag-date sa kahit kaninong babae.